ANG PANUNURI SA NILOLOOB NG ISANG PUSO
Nina Lee Aquino

Kapag ako'y tinatanong kung ano ang aking ginagawa para sa ikagaganda at ikabubuti ng ating mundong ginagalawan, ang aking simpleng sagot ay Dulaan o Tanghalan. Marahil maraming magsasabing ito ay napakasimple, napakadali o pangkaraniwang gawain o adhikain. Subalit ito ang aking sinuungang paligsahan, na sumusubok sa aking kakayahan sa pagtakbo ng matagalan at kaagapay ang maraming artista dito sa aking nasabing layunin.

Para sa aking ito ay tinuturing kung pangkaraniwan adhikain.

Ang Teatro o Dulaan ay may maraming hamon at pagsubok na dinaranas na kung minsan ay pinagduduhan ang kanyang kahalagahan at kaugnayan sa mga nagaganap sa pangkasalukuyan lipunan. Nandiyan ang mga makabagong teknolohiya sa radio, telebisyon at sinema na parang nagpapawalang halaga sa kabuluhan ng Dulaan sa lipunan. Dahil sa makabagong teknolohiya ang mga nabanggit na pagtatanghal sa radio, telebisyon at iba pa, ang mga manunuod ay hindi na kinakailangan umalis sa kanilang kinaruruonan upang mapanood ang mga ito. Hindi tulad ng Dulaan o Tanghalan na marahil ay kaisa-isang sining na nangangailangan ng manonood para maranasan at maramdaman ang mensahing nais ipahiwatig ng pagtatanghal. Nakapagtataka, ang Dulaan ay parang isang batobalani na umaakit sa maraming manonood, maging sila'y magkakaibigan, magkapamilya, kamaganak ng mga artistang gumaganap, hindi mahalaga sa dahilan na ang kanilang mapapanood at masasaksihan ay para sa nagkakaisang sambayanan.

Sa aming mga pagtatanghal, ang mga manonood ay hindi lamang nagiging saksi kung hindi sila ay kasali o kalahok sa mga:

-kuwentong naglalahad ng sakit at sugat
-kuwentong naglalahad ng lunas at gamot
-kuwentong nagpapahintulot na kalimutan ang labas ng ating daigdig
-kuwentong nagpapaalala sa mga bagay sa labas sa ating mundo
-kuwentong nagpapabaliktad ng ating sikmura
-kuwentong ating sinusuri at binubusising mabuti
-kuwentong nagtuturo ng aral
-kuwentong nagpapamulat ng ating mga mata sa katotohanan
-kuwentong nagpapaalala sa ating nakaraan at kung gaano na kalayo ang ating narating sa kasalukuyan

-kuwentong nagpapalawak sa ating malikhaing kaisipan tunkol sa darating na panahon

Ang mga kwentong ito ay mahalaga sa mga manonood sa Dulang nagtatanghal ng hindi makatotohanang palabas, sa mga dulaang nagtatanghal ng palabas upang makapagbigay ng kasiyahan at tanghalan nagbigigay ng masamang palaisipan ng mga nanonood.

Sa aking malawak na karanasan sa Tanghalan o Teatro maliit man o malaki, marami akong nakasalamuhang tao na iba-iba ang katangian. Ganun din and masasabi ko sa Dulaan na walang pagtatanghal na may kahalintulad sa isa't isa. Kaya sa bawat pagtatanghal iba't iba ang mensahe ang ating natutunghayan. At kung ating iisipin ang mga mensahing ito ay napaka- makapangyarihan na maaring mapagbago ng ating mundo.

Sa panahong ito, dapat nating maunawaan ang kahalagahan ng ating pagkakaisa sa iba't ibang pagbabago sa Teatro para sa kanyang kaunlaran. Ito rin ang dahilan kung bakit marami sa atin ibinuhos ang halos buong buhay sa ganitong adhikain. Ang paniniwalang ito ay isusulong hindi para makagawa ng maraming pagtatanghal o makakuha ng maraming suporta pinansyal sa gobyerno. Dapat nating isipin ang mga makabagong paraan para matugunan and maraming problemang kinakaharap ng ating kasalukuyang Dulaan o Teatro.

Sa aking paniniwala, ito rin ang tungkulin nating mga alagad ng Teatro upang magkaisa at kumatok sa puso ng ating mga manonood at sambayanan na tangkilikin at suportahan ang ating sining. Isang tabi muna natin ang ating mga alalahanin kung papaano tayo makabenta ng maraming tiket sa pagtatanghal, makakuha ng magandang papuri at parangal. Ang mahalaga ay unahin natin ang makapagbigay ng kasiyahan at magandang aral sa ating manood. Sa madaling salita, pukawin natin at pasayahin ang malulungkot na puso ng sambayanan.

Sa aking paniniwala, ang Teatro ay may kapangyarihan magbigay sigla, kasayahan at humubog sa katauhan ng mamamayang manonood. Ngunit ang lahat ng ito ay walang saysay kung wala tayong mga alagad ng sining na gaganap at magpapatupad sa mga ito. Sa hirap ng malalaking pagsubok na ating hinaharap, malaki at marami pa ang ating dapat gawin at malayo pa ang hindi pa natin nararating.

Kaya kung ang ating pagtatanghal ay mayroon sampu (10), isang daan (100) o sampung libo (10,000) na nanood, ito ay nangangahulugan at walang alinlangan na wala sa bilang ang maaring sumali sa pagbabago ng ating mundo.